MAKATARUNGANG PABAHAY AT KRIMINAL NA KASAYSAYAN

DFEH

DOKUMENTO NG IMPORMASYON

7 BAGAY NA DAPAT MONG MALAMAN

1. **Maaari ba akong tumira sa pinauupahang pabahay kung mayroon akong kriminal na kasaysayan?** Oo. Labag sa batas para sa isang may-ari ng tirahan o landlord o iba pang tagapagkaloob ng pabahay na magkaroon ng patakarang nagbabawal sa mga taong may kriminal na kasaysayan na umupa o manirahan sa isang yunit ng pabahay anuman ang sitwasyon.
2. **Maaari bang tingnan ng landlord ang aking kriminal na kasaysayan?** Oo. Sa pangkalahatan, maaaring tingnan ng landlord ang kriminal na kasaysayan ng isang potensyal na mangungupahan. Gayunpaman, nililimitahan ng batas ang mga paraan kung paano maaaring gamitin ng landlord ang impormasyong iyon, dahil ang mga taong may kriminal na kasaysayan ay maaaring maging mga mabuti at responsableng nangungupahan.
3. **Kung mayroon akong kriminal na kasaysayan, ano ang dapat gawin ng landlord?** Kung binabalak ng landlord na itanggi sa iyo ang pabahay batay sa isang nakaraang kriminal na hatol, dapat sumunod ang landlord sa ilang tuntunin. Kabilang sa mga ito ay dapat isaalang-alang ng landlord ang mga impormasyon tulad ng mga katotohanan o sitwasyong nauugnay sa kriminal na pagkilos upang malaman kung may direktang epekto ang mga iyon sa iyong kakayahang maging mabuting nangungupahan, kung gaano katagal na nangyari ang pagkilos at kung menor de edad o bata ka pa noon, kung resulta ang pagkilos ng isang kapansanan o karahasan sa tahanan, kung nakapagpanatili ka ng mabuting kasaysayan bilang nangungupahan bago at/o pagkatapos ng hatol, at katibayan ng iyong mga pagsisikap para sa rehabilitasyon.
4. **Anong impormasyon ang hindi maaaring isaalang-alang ng landlord?** Ipinagbabawal sa landlord ang pagsasaalang-alang sa anumang paglabag o pag-arestong hindi humantong sa isang hatol. At maliban na laman kung nais mo itong ibunyag, hindi rin maaaring isaalang-alang ng landlord ang mga paghatol na itinago o binura na mula sa rekord, mga pagpapasya sa sistema ng hustisya para sa mga menor de edad (juvenile justice system), o ang iyong paglahok sa isang programa ng diversion o rehabilitasyon bago o pagkatapos ng paglilitis.
5. **Ano ang maaari kong asahan mula sa landlord?** Ang mga landlord ay dapat makapagbigay ng kopya ng kanilang patakaran sa paggamit ng impormasyon ng kriminal na kasaysayan at bigyan ka ng pagkakataong magpakita ng karagdagang impormasyon (na nagpapagaan sa kasalanan) na maaaring gumabay sa kanilang desisyon. Dapat din nilang ipagpaliban ang pagsasaalang-alang sa impormasyon ng kriminal na kasaysayan hanggang pagkatapos beripikahin ang iyong pinansyal at iba pang mga kwalipikasyon.
6. **Ano ang impormasyong nagpapagaan sa kasalanan (mitigating information)?** Mga impormasyon o sitwasyong nauugnay sa kriminal na pagkilos na tumutulong na ipaliwanag ang kaganapan at nagpapakita na magiging mabuting nangungupahan ka pa rin. Kabilang dito ang mga pagsisikap sa rehabilitasyon, na ikaw ay bata pa noong nangyari ang kriminal na pagkilos, na matagal nang nangyari ang pagkilos o na resulta ito ng karahasan sa tahanan, na naging mabuting nangungupahan ka sa ibang lugar, at/o na mayroon kang matatag na trabaho.
7. **Ano ang dapat kong gawin kung sa tingin ko ay nadiskwalipika ako nang labag sa batas?** Kung sa tingin mo ay nadiskwalipika ka mula sa pabahay nang labag sa batas dahil sa iyong kriminal na kasaysayan, maghain ng reklamo sa Departamento ng Makatarungang Trabaho at Pabahay (Department of Fair Employment and Housing. **Makakatulong kami.** Protektado ka rin mula sa diskriminasyon sa pabahay dahil sa iyong lahi, pinagmulang bansa, kapansanan, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan ng kasarian, at iba pang protektadong katangian.

Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang kaluwagan, maaari kang tulungan ng DFEH sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na Bingi o May Kahirapan sa Pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa ibaba.

PARA MAGHAIN NG REKLAMO

Department of Fair Employment and Housing
dfeh.ca.gov
Walang Toll: 800.884.1684
TTY: 800.700.2320

DFEH-H10P-TG / May 2020